BC CANCER CERVIX SCREENING
Provincial Health Services Authority

Imbitasyon para sa Cervix Screening

Notice Date

JANE SAMPLE
123 SAMPLE AVENUE
CITY, PROVINCE, POSTAL CODE

Mahal na Jane,

Inaanyayahan ko kayong umorder ng cervix self-screening kit na nagbibigay-daan sa inyo na magkolekta ng sarili ninyong vaginal sample para sa pagsusuri ng cervical cancer. Sinusuri ng kit na ito ang human papillomavirus (HPV), ang virus na nagdudulot ng cervical cancer. Mangyaring huwag pansinin ang liham na ito kung nagkaroon na kayo ng cervix screening (hal., Pap test o self-screening) sa nakalipas na 3 buwan.

Ang screening ay nakapagliligtas ng buhay sa pamamagitan ng maagang pagtuklas ng cancer o pagpigil dito bago pa ito magsimula, kahit na kayo ay malusog ang pakiramdam at walang anumang sintomas. Mahalagang gawin ito kahit wala kayong kasaysayan ng cancer sa inyong pamilya.

Ang self-screening kit ay:

- ✓ **Napakadaling gamitin:** tumatagal lamang ng 20 segundo upang makakuha ng maayos na sample mula sa inyong puwerta (hindi mula sa inyong cervix). Ligtas ang pagsusuring ito at hindi dapat magdulot ng pananakit. Ipinapakita ng ebidensya na kasinghusay ninyo ang isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa pagkuha ng vaginal sample.
- ✓ **Pribado**: maaari itong gawin nang kayo lamang, saanman kayo pinaka-komportable gaya ng sa inyong tahanan o sa opisina ng isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- ✓ **Simple**: maaari itong gawin sa oras na angkop sa inyo, nang hindi kinakailangang bumiyahe o lumiban sa trabaho.

Paano makuha ang inyong libreng Cervix Self-Screening kit			
Opsyon 1	**Online:** I-scan ang QR code o bumisita sa **screeningbc.ca/requestkit** Ang inyong code para umorder ng kit: **XXX-XXXXXXXX-XXX**	**Opsyon 2**	**Telepono:** **1-877-702-6566** Lunes hanggang Biyernes: 8:00 am – 5:30 pm Sabado: 8:30 am – 4:30 pm
Pakitandaan: Hindi ninyo kailangang magpasuri kung nagkaroon na kayo ng cervical cancer o wala na kayong cervix (hal., total hysterectomy). Maaari ninyong ipaalam ang inyong hysterectomy status gamit ang link sa itaas o sa pamamagitan ng pagtawag sa amin, at ihihinto nito ang mga paalala para sa cervix screening sa hinaharap. Tingnan ang likod na bahagi para sa higit pang detalye.			

Kung ayaw ninyong kumpletuhin ang cervix self-screening, mangyaring magpaiskedyul ng Pap test sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Bisitahin ang www.screeningbc.ca/cervix upang makahanap ng klinikang malapit sa inyo.

Hindi kailanman naging ganito kadali ang cervix screening. Alamin kung paano nakatulong ang screening sa mga tao sa www.screeningstories.ca at matuto pa tungkol sa kung paano gumagana ang screening sa www.screeningbc.ca. Umaasa akong pangangalagaan ninyo ang inyong kalusugan at magpasuri na kayo ngayon.

Lubos na gumagalang,

Dr. Lily Proctor
Medical Director, Cervix Screening Program
BC Cancer Cervix Screening Program
screening@bccancer.bc.ca

Client PHN #
Notice ID: XXXXXXXXXXXX

SAMPLE

Imbitasyon para sa Cervix Screening

Bakit ko natanggap ang liham na ito?
Ipinapakita ng aming mga tala na maaaring hindi pa kayo kailanman nagkaroon ng cervix screening sa British Columbia o kaya ay huli na kayo para sa inyong cervix screening. Ang sinumang may cervix na nasa edad 25 hanggang 69 ay dapat regular na magpasuri para sa cervical cancer. Makatutulong ang screening upang malaman kung may panganib kayong magkaroon ng mga abnormal na selula sa inyong cervix. Ang maagang pagtuklas at paggamot sa mga abnormal na selula ay maaaring makatulong upang maiwasan ang cancer. Maaaring matuklasan ng screening ang cancer sa maagang yugto bago ito magdulot ng mga sintomas, kapag mas marami pang opsyon sa paggamot ang magagamit.

Sino ang hindi dapat magpasuri para sa cervical cancer?
Hindi ninyo kailangang magpasuri kung nagkaroon na kayo ng cervical cancer o wala na kayong cervix (tulad ng pagkatapos ng total hysterectomy). Kung hindi na kinakailangan ang screening, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa 1-877-702-6566 o screening@bccancer.bc.ca upang ihinto ang pagpapadala sa inyo ng mga paalala sa hinaharap.

Kung nakararanas kayo ng pagdurugo pagkatapos makipagtalik, sa pagitan ng mga regla o pagkatapos ng menopause; nadagdagang vaginal discharge; pananakit ng balakang o pananakit habang nakikipagtalik, mahalagang talakayin ang mga sintomas na ito sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Kung kayo ay buntis, mangyaring makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa inyong mga opsyon at kung kailan dapat magpasuri.

Saan ninyo nakuha ang aking personal na impormasyon sa kalusugan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan?
Bilang isang programa ng Provincial Health Services Authority, tumatanggap kami ng kaugnay na personal na impormasyon sa kalusugan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan mula sa mga organisasyon ng pamahalaan at mga propesyonal sa kalusugan na direktang kasangkot sa inyong pangangalaga. Ginagamit namin ang impormasyong ito upang matukoy kung kailan kayo dapat makatanggap ng mga liham para sa cancer screening at upang maibigay sa inyo ang inyong mga resulta ng screening. Nakatuon ang BC Cancer sa pagpapanatiling pribado, kompidensyal at ligtas ng inyong impormasyon sa lahat ng oras.

Ginagamit namin ang impormasyong ito upang:

- Anyayahan kayong isaalang-alang ang screening kapag kayo ay nasa angkop na edad para dito;
- Paalalahanan kayo kung kailan kayo dapat sumailalim sa inyong susunod na screening test; at,
- Ipaalam sa inyo ang inyong mga resulta ng screening test, kabilang ang follow-up na impormasyon (kung kinakailangan).

Maaaring makipag-ugnayan sa inyo sa hinaharap upang kumpletuhin ang mga survey ng puna kaugnay ng cervix screening. Pinamumunuan ng BC Cancer ang panlalawigang pagpaplano at panrehiyong paghahatid ng pangangalaga sa cancer para sa mga residente ng British Columbia. Saklaw ng mandato ng BC Cancer ang buong hanay ng pangangalaga sa cancer at kabilang dito ang mga organisadong programa sa cancer screening para sa British Columbia. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa mga abiso para sa cancer screening, mangyaring bisitahin ang www.screeningbc.ca/notifications

Nagbago ang aking address, ano ang dapat kong gawin?
Kung nagbago na ang inyong address, mangyaring bisitahin ang www.addresschange.gov.bc.ca upang i-update ang inyong address sa ICBC at Health Insurance BC nang sabay.

Important information, please translate.
重要信息，请翻译。
ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਜਾਣਕਾਰੀ, ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਅਨੁਵਾਦ ਕਰੋ।
Mahalagang impormasyon, mangyaring isalin sa wikang tagalog.
Información importante; por favor, tradúzcala.
معلومات مهمة ، يرجى الترجمة .

Information importante, veuillez traduire.
重要信息，請翻譯。
Wichtige Informationen, bitte übersetzen.
중요한 정보를 번역하십시오.
Tin tức quan trọng, xin phiên dịch.
اطلاعات مهم ، لطفاً ترجمه کنید.

Kokolektahin at gagamitin ng B.C. Cancer ang inyong personal na impormasyon para sa layunin ng pagbibigay ng mga serbisyo sa screening, kabilang ang komunikasyon at follow-up, at para sa mga layunin ng pagsusuri ng programa. Kinokolekta ang impormasyong ito alinsunod sa FIPPA s. 26(c) at (e). Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa pagkolekta at paggamit ng inyong personal na impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa screening@bccancer.bc.ca. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa privacy, bisitahin ang ScreeningBC.ca. Kung natanggap ninyo ang impormasyong ito nang may pagkakamali, mangyaring makipag-ugnayan agad sa nagpadala.

BC Cancer Cervix Screening Program
screening@bccancer.bc.ca

Client PHN #
Notice ID: XXXXXXXXXXXX

SAMPLE